


# ECLESIASTES (Qohelet)

Binuod marahil ni Eclesiastes ang diwa ng kanyang kaisipan sa bersikulong ito sa kabanata 3: "Ginawa ng Diyos ang bawat bagay na angkop sa kanyang kapanahunan; subalit inilagay din niya sa ating mga puso ang kawalang-hanggan, kahit na hindi natin kayang intindihin ang kabuluhan ng Diyos mula sa simula hanggang katapusan (3:11-14; 8:16-17).

Panginoon ng sansinukob ang taong nilikhang kalarawan ng Diyos. Gayunman, taga-paglingkod lamang siyang gawa sa putik *na pinatawan ng mabigat na gawaing palaging maghanap*. Hindi makatotohanang isipin na lubos na mabibigyang-linaw ng tao balang araw ang kahulugan ng kanyang buhay o ganap na malulutas ang mga tensiyon at mga problemang wumawasak sa sangkatauhan.

Nabuhay si Eclesiastes sa ikatlong dantaon bago kay Kristo, nang umabot ang kulturang Griyego sa bansang Judio. Ang patuloy na pag-unlad ng sibilisasyong Griyego ay bunga ng tiwala nito sa walang-hanggang kakayahan ng pag-iisip ng tao. Pinagsikapang ipaliwanag ng mga pilosopong Griyego ang lahat ng hiwaga ng kapalaran ng tao (at alam natin na ang layunin pa ring ito ang pinakapuso ng makataong pilosopiya ng Kanluran).

Hindi pinaniniwalaan ni Eclesiastes ang optimismong ito: tayo'y nasa mundong ang lahat ay nakaliligalig. Sikapin nating damhin ang misteryo ng Diyos at ang bigat ng kanyang katahimikan; ang tao ay nilalang na may hangganan at kamatayan.

Huwag nating ipagkamali ang itsura sa katunayan ng karunungan. Masiyahan sa ganap na pagsasabuhay ng kasalukuyan, sa pagsisikap na malutas ang mga suliranin sa abot ng ating makakaya. Matutunang pakinabangan ang mga kagalakang inilaan sa atin ng Diyos sa araw na ito at ipaubaya ang iba sa kanyang kagandahang-loob.

Laging sinisikap magpaliwanag ng relihiyon at magbigay ng mas nakakapanatag na pananaw kung bakit tayo umiiral. Hindi hinihingi ni Eclesiastes ang ganitong layunin. Nang panahong iyon, pinaniniwalaan ng mga relihiyosong tao na ginagantimpalaan ng Diyos ang mabubuti at pinarurusahan ang masasama dito sa ibaba. Nag-aalinlangan pa rin si Eclesiastes. Bagamat tinatanggap niya na ipinakikita ng mga utos ng Diyos ang daan, isinasaalang-alang niya ang katahimikan at waring pagkawala ng Diyos.

Ginawa ng sumulat ng aklat na ito sa ikatlong dantaon bago kay Kristo ang gaya ng ginagawa ngayon ng maraming manunulat at makata: ang paggamit ng pangalan sa panulat o inimbentong pangalan para sa kanilang mga sinulat. Inilahad niya ang kanyang aral na parang kay Haring Solomon na anak ni David. Kilala si Solomon sa pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa karunungan ng tao. Pero yamang siya mismo'y binigyan ng tungkuling turuan ang nagkakatipong mga mananampalataya (ito ang kahulugan ng Eclesiastes), parehong ginamit ng mga naglimbag ng aklat na ito ang dalawang salita: Eclesiastes at Solomon.

**Wala, walang kahulugan**

**1** • 1 Mga salita ng Guro, anak ni David
at hari ng Jerusalem:
2 Walang katuturan ang lahat – sabi ng
Guro – wala, walang katuturan!
3 Ano ang pakinabang ng tao sa lahat
ng gawang pinaghirapan niya sa ilalim ng
araw?
4 Nagsisialis at nagsisirating ang mga
salinlahi, pero nananatili ang lupa magpa-
kailanman. 5 Sumisikat ang araw, lumulu-
bog at nagmamadali patungo sa dakong
muli niyang sisikatan. 6 Umiihip patimog,
bumabaling pahilaga, paikut-ikot lamang
ang hangin, at muling umiihip pagkaraan
ng mga pagpapaikut-ikot.
7 Patungo sa dagat ang lahat ng ilog,
ngunit di napupuno ang dagat. Sa lugar
na pinagmulan nagbabalik ang mga ilog.
8 Nakasasawa ang lahat ng salita, at
nagwawakas ang pananalita; ngunit ka-
ilanma'y di nasiyahan ang mata sa nakita
nito o ang tainga sa narinig nito.
9 Mangyayari uli ang nangyari noong
una; gagawin uli ang ginawa na noon –
walang bago sa ilalim ng araw.
10 Sasabihin nila sa iyo: "Tingnan mo't
bago ito!" kahit na iyon ay mga dantaon
na rin.
11 Hindi na nagugunita pa ang mga
nauna, at ang mga darating ay hindi rin
magugunita pa ng susunod sa kanila.

**Wala ring katuturan kahiman ang karunungan**

12 Ako, ang Guro, ay naging hari ng
Israel sa Jerusalem. 13 Ibinuhos ko ang
sarili sa pag-aaral at masusing pagsusuri
sa lahat ng nagaganap sa silong ng langit.
14 Mabigat ang gawaing bigay ng Diyos
sa mga anak ng tao! Minasdan ko ang
lahat ng nagaganap sa ilalim ng araw,
ngunit walang katuturan ang lahat, lahat
ay paghahabol sa hangin. 15 Hindi na mai-
tutuwid ang baluktot; ni mapapalitan ang
lahat ng kulang.
16 Sinabi ko sa sarili: "Napalago ko at
napalaganap ang karunungan, higit sa
sinumang naunang naghari sa Jerusalem
at lubos kong naranasan ang karunungan
at kaalaman. 17 Iniukol ko ang aking puso
sa paghahambing ng karunungan sa ka-
hangalan at kalokohan, at nalaman kong
paghahabol din ito sa hangin.
18 Sapagkat habang nagiging mas ma-
runong ka, lalo namang dumarami ang
iyong mga lumbay, at habang mas marami
kang natututuhan, lalo kang nahihirapan.

---

• **1.1** *Walang kabuluhan ang lahat* – Nasanay na tayo sa matandang salin ng bersikulong ito: *Banidad ng mga banidad, ang lahat ay banidad.* Sa katunayan, ang unang salita ng aklat ay nanga-ngahulugan sa Hebreo ng isang hibla ng dayami. Wala itong bigat at napapawid ng pinakamahinang ihip ng hangin, kaya isa itong banidad, isang wala. Pero ito rin ay ang humuhulagpos sa ating hawak: ang hinaharap na walang katiyakan at di-totoo, o anumang hindi nakasisiya sa ating espiritu, at hindi natin ito mapagtatayuan ng kahit ano; ito'y "nakaliligalig," ito'y "walang kabuluhan."

Ang pananalitang ito sa aklat ay inuulit na parang sagot sa isang kanta, pero iba't iba ang kahulugan ayon sa pagkakagamit: kaya kailangang dumulog tayo sa iba't ibang pagsasaling ito.

*Walang bago sa ilalim ng araw.* Nakita ng mga propeta ang mundong inihahatid ng Diyos tungo sa isang masayang hinaharap. Sa kabilang dako naman, iniisip ng iba na inuulit lamang ng mundo ang pareparehong mga pangyayari sa pagkakasunud-sunod ng mga kaharian, digmaan, tagumpay at kabiguan. Para sa kanila, walang nangyayaring talagang bago at makapagbibigay-kaganapan sa mga hangarin ng sangkatauhan.

Ang tanging magagawa lamang ng may ganitong paniniwala ay limutin o huwag pansinin ang mga nagaganap sa mundong ito kung saan ang lahat ay pawang ilusyon, pero hindi ganito ang kalagayan ni Eclesiastes. Tulad ng isang mabuting Judio, nakaugat siya sa katotohanan; nabubuhay siya sa panahong walang alitan at wala ring mga propeta o dakilang pag-asa. Sa ganitong kalagayan, karunungan ang huwag pansinin ang mga ilusyon ng aktibismo.

*Sa ilalim ng araw:* uulitin ang mga salitang ito na parang sagot sa kanta: nagtatrabaho nang mabigat ang tao at dumaraang parang anino, samantalang naroon pa rin ang araw at di nagbabago. Ang araw ay parang larawan ng Diyos na nananatili at mag-isang gumagawa na nakatanaw sa kawalang-hanggan (3:14).

*Pagdami ng natututunan mo, pagdami ng pagdurusa mo.* Ganito ring kabalisahan ang nasa mundo ngayon. Tinitiyak sa atin ng mga tagapagtaguyod ng agham na palalayain ng pag-unlad ang tao mula sa lahat ng masama. Nawala sa ating siglo ang ganitong katiyakan: ang pag-unlad ay hindi daan patungo sa maalwang buhay, ang tao ay alipin ng sariling utak at kaalaman, napipilitan siyang akuin ang mga kahihinatnang nagiging mas kakila-kilabot araw-araw; hindi man alam ng tao ang daan, hindi siya makahinto.

**Mga walang-saysay na kasiyahan**

2 • 1 Sinabi ko sa aking sarili: "Susubu-
kan kong magpakasaya, titikman
ang kaligayahan!" Ngunit natuklasan ko
na wala rin itong saysay. 2 Kahangalan
ang tumawa! Tungkol naman sa kasi-
yahan, ano ang silbi nito? 3 Inisip kong
bigyang-lugod ang aking katawan sa pa-
mamagitan ng alak habang naghahanap
naman ng karunungan ang aking puso.
Kaya ipinaubaya ko ang sarili sa kalo-
kohan para malaman kung ano ang ma-
buting gawin ng tao sa ilalim ng araw sa
buong buhay niya.

4 Gumawa ako ng mga dakilang bagay:
nagtayo ng mga bahay at nagtanim ng
mga ubas. 5 Nagtayo ako ng mga hala-
manan at mga hardin, at nagtanim ng lahat
ng uri ng namumungang punungkahoy.
6 Nagtayo ako ng mga ipunan ng tubig para
diligin ang aking taniman. 7 Bumili ako ng
mga alipin bukod pa sa mga aliping ipina-
nganak sa aking sambahayan. May ma-
lalaki akong tupahan at bakahan kaysa
sinumang nauna sa akin sa Jerusalem.
8 Nagkaroon ako ng mga pilak at ginto – na
yaman ng mga hari at mga bansa. May
mga mang-aawit ako at koro, pati na ang
pinakanakalulugod sa mga lalaki.

9 Naging dakila ako, higit pa sa lahat
ng nauna sa akin sa Jerusalem, nang
hindi nawawala ang karunungan sa akin.
10 Hindi ko ipinagkait sa aking sarili ang
lahat ng ninanasa ng aking mga mata, ni
ipinagkait sa aking puso ang anumang
kasiyahan. Nasiyahan ako sa lahat kong
ginawa, at ito na ang aking gantimpala.

11 Ngunit inisip-isip ko ang lahat kong
nakamit sa aking mga ginawa at ang la-
hat ng pagod na kalakip nito, at nalaman
kong wala palang katuturan ang lahat at
paghahabol lamang sa hangin. Walang
mapapalang anuman sa ilalim ng araw.

12 Ipinasya kong ihambing ang karu-
nungan sa kalokohan at kabaliwan, at na-
isip ko: "Ano kaya ang gagawin ng haha-
lili sa akin bilang hari?" (Alam natin ang
kanyang ginawa!)

13 Naunawaan kong mas kapaki-pa-
kinabang ang karunungan kaysa kalo-
kohan, gaya ng mas mabuti ang liwanag
kaysa dilim ayon sa kasabihang: 14 May
mga mata sa kanyang ulo ang marunong,
samantalang naglalakad naman sa dilim
ang hangal.

Ngunit naintindihan ko ring pareho la-
mang pala ang kapalaran ng dalawa.
15 Kaya naisip ko: "Kung ang sinapit ng
hangal ang siya ko ring magiging kapa-
laran, para saan pa ang aking karunu-
ngan?" At naisip kong pati ito ay wala ring
katuturan. 16 Wala ring magugunita sa
marunong gaya ng sa hangal: kapwa sila
malilimot sa mga araw na darating. Bakit
pareho ang kamatayan ng marunong at
ng hangal?

17 Kaya kinamuhian ko ang buhay sa
pagkakita kong mali ang lahat ng nagaga-
nap sa ilalim ng araw: lahat ay walang
katuturan at pawang paghahabol sa
hangin. 18 Kinamuhian ko ang lahat ng
pinaghirapan ko sa ilalim ng araw, na
iiwan ko sa aking kahalili. 19 Sino ang
nakaaalam kung magiging hangal siya o

---

• **2**.1 *At kinamuhian ko ang trabahong ginawa ko.* Nahirapan si Eclesiastes na isiping wawaldasin lamang ng iba ang ating pinaghirapan. Subalit naunawaan din niya na *wala siyang napalang anuman sa ilalim ng araw,* walang kahit ano na hindi saklaw ng kamatayan.

*Nag-aalala tayo sa kinabukasan.* Madali tayong makakakita roon ng isang palagiang pag-iwas ng ating buhay: lagi nating minamadali ang paghahanda para sa isang bagong yugto ng ating buhay, mas matatag, mas kasiya-siya, at marahil pagreretiro, pero hindi natin maiwasan ang pagkabagot. Ilan na ang namatay pagkatapos na pagkatapos nilang magretiro sapagkat wala na silang dahilan pang magpunyagi at mabuhay!

*Magiging kapareho ng sa hangal ang aking kapalaran.* (15). Ito ang pinakapuso ng pagsusuri sa pag-iral ng tao. Hindi lamang mga Judio kundi lahat ng tao sa lahat ng bansa ang umaasa sa katarungan ng Diyos, at lagi nating nakikita ang mga palatandaan nito sa mga pangyayari, maliit man o malaki. Pero pansamantala lamang ang pagbibigay-kasiyahan nito: ang aklat ni Eclesiastes, gaya ng kay Job at ng kay Sirac, ay sa panahong hindi mapangahasan, at walang kakayahan, na maniwala sa muling pagkabuhay.

marunong? Gayunma'y magiging pangi-
noon siya ng lahat kong naisakatuparan
sa sarili kong pagsisikap at karunungan:
20 ito man ay wala ring katuturan.

At nagsimula akong panghinaan ng
loob sa lahat kong pinaghirapan sa ilalim
ng araw. 21 Sapagkat narito ang isang
lalaking nagtrabaho nang buong karu-
nungan, kaalaman at kahusayan, at iiwan
lamang niya ang lahat sa isang wala
namang ginawa para rito. Wala itong ka-
tuturan at isang malaking kasawian.
22 Kayat ano ang pakinabang ng tao sa
lahat niyang gawain at dibdibang pagha-
hanap sa ilalim ng araw? 23 Lahat ng araw
niya'y kalungkutan ang dulot, lahat ng
gawa niya'y kapighatian ang hatid. At ni
hindi man lamang makapagpahinga nang
panatag sa gabi: ito man ay wala ring
katuturan.

24 Wala nang mas bubuti pa para sa tao
kundi ang kumain at uminom at mag-
karoong-kasiyahan sa kanyang trabaho.
Nauunawaan kong galing din ito sa ka-
may ng Diyos. 25 Pagkat sino ang maka-
kakain o masisiyahan kung wala siya?

26 Binibigyan niya ng karunungan, ka-
alaman at kagalakan ang nakalulugod sa
kanya. Ngunit ibinibigay naman niya sa
makasalanan ang gawaing mag-ipon ng
ibibigay sa nakalulugod sa Diyos: ito man
ay wala ring katuturan at paghahabol
lamang sa hangin.

**May panahon ang lahat**

**3** • 1 May panahon para sa lahat, at
may panahon para sa bawat pang-
yayari sa ilalim ng langit:

2 Panahon sa panganganak, panahon
sa pagkamatay; panahon sa pagtatanim,
panahon sa pagbunot.

3 Panahon sa pagpatay, panahon sa
pagpapagaling; panahon sa paggiba, pa-
nahon sa pagtatayo.

4 Panahon sa pag-iyak, panahon sa
pagtawa; panahon sa pagluluksa, pana-
hon sa pagsasayaw.

5 Panahon sa paghahagis ng bato, pa-
nahon sa pagtitipon ng mga bato; pana-
hon sa pagyakap, panahon sa pagpipigil
na yumakap.

6 Panahon sa paghahanap, panahon sa
pagkawala; panahon sa pagtatabi, pana-
hon sa pagtatapon.

7 Panahon sa pagpunit, panahon sa pa-
nanahi; panahon sa pananahimik, pana-
hon sa pagsasalita.

8 Panahon sa pag-ibig, panahon sa
pagkamuhi; panahon sa digmaan, pana-
hon sa kapayapaan.

9 Ano ang pakinabang ng tao sa lahat
niyang pagpapakahirap?

10 Sa wakas, isinaalang-alang ko ang
gawaing bigay ng Diyos sa mga anak ng
tao. 11 Bawat isa'y ginawa niya ayon sa
panahon nito, ngunit inilagay din niya ang
kawalang-hanggan sa kanilang mga puso
bagamat hindi mauunawaan ng tao ang
gawa ng Diyos mula sa simula hanggang
sa wakas.

12 Alam kong wala nang bubuti pa para
sa kanya kundi ang maghanap ng kasi-
yahan at kagalingan habang siya'y nabu-
buhay. 13 Ang kumain, uminom at magka-
roong-kasiyahan sa kanyang gawain ay
regalo ng Diyos.

14 Alam kong nananatili magpakai-
lanman ang lahat na ginagawa ng Diyos;

---

• **3.1** Pansinin ang mga bersikulo 11-14 na ipinapaliwanag natin sa Introduksyon.

Sa sumusunod na mga kabanata, tinitingnang sunud-sunod ni Eclesiastes ang lahat ng aspekto ng kalagayan ng tao, mula sa pinakatiyak: ang kamatayan. Winawasak ng kamatayan ang lahat ng ilusyon ng taong nagsisikap lumimot sa kawalan ng kabuluhan ng kanyang buhay.

*Nangyayari pa ang nangyari na.* Tingnan ang sinabi tungkol sa 1:10. Kayat kung mawawasak ang lahat ng itinatayo ng tao, ano'ng matitira sa kanya? Matatanggap nating tayong lahat ay mamamatay, at hindi kakatwang magpatuloy sa pag-iral ang mundo. Pero imposibleng isiping balang araw, lahat ay hihinto at mamamatay magpakailanman. At ang ganitong pananaw lamang ang ibinibigay sa atin ng materyalistang pananaw tungkol sa sanlibutan. Wala ni isang matitira na maka-kaalalang umiral ang mga tao na nagpakasakit at nagmahal: walang makahaharap sa ganitong kahihinatnan.

walang maidadagdag dito, wala ring
mababawas. At itinadhana ng Diyos na
magkaroong-pitagan ang tao sa kanya.
15 Nangyayari pa ang nangyari na;
nangyari na ang mangyayari pa; ibina-
balik ng Diyos ang lumipas na. 16 Nakita
ko rin sa ilalim ng araw ang kasamaan sa
halip ng katarungan, ang masama sa
lugar ng matuwid. 17 At sinabi ko sa sarili:
"Hahatulan ng Diyos ang matuwid at ang
masama pagkat may panahon para sa
bawat bagay at may hatol para sa bawat
gawa."

• 18 Ngunit naisip ko rin tungkol sa mga
tao: "Gusto silang subukin ng Diyos at
ipakita sa kanilang hayop din sila."

19 Sapagkat iisa ang kahihinatnan ng
tao at ng hayop: kamatayan para sa ba-
wat isa. Pareho ang kanilang espiritu;
hindi nakahihigit ang tao sa hayop; pag-
kat lumilipas nga ang lahat gaya ng ha-
ngin. Ito rin ay walang katuturan. 20 Kapwa
sila papunta sa isang lugar, kapwa galing
sa alabok at sa alabok babalik.

21 Sino ang nakaaalam kung puma-
pailanlang pataas ang espiritu ng tao at
bumababang pa-lupa ang espiritu ng
hayop? 22 Kaya naunawaan kong ang pi-
nakamabuti para sa tao ay ang maging
maligaya sa kanyang trabaho pagkat iyon
ang kanyang kapalaran. Pagkat sino ang
makapagpapakita sa kanya ng mangya-
yari sa kabila?

**4** 1 Pinag-isipan ko rin ang maraming pang-
aapi sa ilalim ng araw: ang luha ng mga
sinisikil na walang sinumang umaaliw, ang
karahasan ng mga maniniil na walang sinumang
pumipigil.

2 Mas mapalad pa ang mga patay dahil sa
patay na sila kaysa mga buhay na kailangan
pang mabuhay. 3 At mas mapalad pa kaysa
kanila ang di pa isinisilang at hindi pa nasa-
saksihan ang mga kasamaang ginagawa sa
ilalim ng araw.

4 Nakita kong bunga lamang ng kompeten-
siya ng isa't isa ang lahat ng pagpupunyagi at
lahat ng tagumpay. Ito rin ay walang katuturan
at paghahabol sa hangin.

5 Nakahalukipkip ang hangal at kinakain ang
sariling laman. 6 Ngunit mas mainam ang ka-
lahating dakot na pahinga kaysa sandakot na
pagpapakahirap at paghabol sa hangin.

7 May nakita pa akong walang saysay na
bagay sa ilalim ng araw: 8 isang taong nag-iisa,
walang anak ni kapatid, walang tigil sa pagtatra-
baho, di magkaroong-kasiyahan sa kanyang
kasakiman sa yaman: "Para kanino ako nag-
tatrabaho at pinagkakaitan ng kasiyahan ang
aking sarili?" Ito man ay wala ring kabuluhan at
masamang negosyo.

9 Mas maligaya ang dalawang magkasama
kaysa nag-iisa pagkat mas malaki ang kita sa
ginagawa nilang dalawa, 10 at kapag nabuwal
ang isa, may kasama siyang agad na magba-
bangon sa kanya. Sawimpalad ang nag-iisa at
walang magbabangon sa kanya. 11 At mas ma-
init kung may kasiping sa higaan; nagtitiis ng
ginaw ang nag-iisa. 12 Malulupig ang nag-iisa,
ngunit makalalaban ang dalawa; hindi madaling
mapatid ang sinulid na may tatlong hibla.

13 Mas mabuti pa ang isang kabataang dukha
at marunong kaysa isang hangal na matandang
haring ayaw makinig sa payo. 14 Maaari pa si-
yang manggaling sa bilangguan at maluklok sa
trono kahit ipinanganak na dukha sa kanyang
kaharian. 15 Nakita kong lahat ng nabubuhay sa
ilalim ng araw ay kumampi sa kabataang hu-
malili sa hari, at di mabilang ang mga pumanig
sa kanya. 16 Ngunit sa darating ay hindi maku-
kuntento sa kanya. Ito ma'y wala ring katuturan;
bale-wala at paghahabol lamang sa hangin.

**Mga kasabihan ng marunong**

17 Maging maingat sa pagpunta sa Bahay ng
Diyos. Mas mainam na alay ang pakikinig kaysa
pag-aalay ng mga hangal; hindi nila alam ang
kasamaang kanilang ginagawa.

---

• 18. *Pareho ang kanilang espiritu* … (19). Tingnan ang Pangangaral ng biblia 83. Unawain natin na hindi pa naipahahayag ng Diyos ang kapalaran ng tao pagkamatay, at huwag nating sabihin gaya ng iba na namamatay kasama ng katawan ang kaluluwa o espiritu ng tao. Sa Bagong Tipan, ang *kaluluwa* ay nangangahulugan ng personang hindi namamatay (Mt 10:28).

*Sino'ng nakakaalam?* Kahit na sa mga sumasampalataya sa atin ngayon, karaniwa'y hindi pa rin kayang wasakin ng ating pananampalataya ang likas na pagkatakot sa kamatayan. Sa sarili nating karanasan, naiiwan tayong naguguluhan sa pagyao ng ating mga mahal sa buhay at sa katiyakan ng mismong kamatayan natin.

5 1 Huwag maging mapusok at padalus-
dalos sa pagsasalita sa harap ng Diyos,
pagkat nasa langit ang Diyos at ikaw ay nasa
lupa. Kaya pauntiin mo ang iyong mga salita.
2 Sapagkat nagbubuhat sa pagkabalisa ang
mga panaginip at sa napakaraming salita ang
hangal na pangako.
3 Kapag nangako ka sa Diyos, huwag mong
ipagpaliban ang pagtupad niyon pagkat di niya
kinalulugdan ang mga hangal. Tuparin mo ang
iyong ipinangako.
4 Mabuti na ang huwag mangako kaysa di
tuparin iyon.
5 Iwasan ang pagkakasala dahil sa pangako,
na sasabihin pagkatapos sa ministro ng Diyos
na isang pagkakamali lamang iyon. Bakit mo
gagalitin ang Diyos dahil lamang sa iyong sinabi
at wawasakin mo ang gawa ng iyong kamay?
6 Sa malaking pangarap at maraming salita nag-
mumula ang kawalang-saysay. Kayat matakot
ka sa Diyos.
7 Kung makita mong inaapi ang dukha at
ipinagkakait ang katuwiran at katarungan sa
probinsya, huwag kang magtaka. Nagmamasid
sa isang mataas na punong bayan ang isang
mas nakatataas pa, at may isang nakatataas pa
sa dalawa ang nagmamasid sa kanila. 8 Sa ani
ng lupa nakikinabang ang lahat, at pinagliling-
kuran ng hari ang lupain.
9 Hindi masisiyahan sa pera ang sinumang
umiibig dito. Walang sapat na kinikita ang umi-
ibig sa kayamanan. Walang saysay iyon.
10 Kapag sagana sa mabubuting bagay, sa-
gana rin sa kumakain. At ang pakinabang ng
may-ari ay ang magmasid.
11 Mahimbing ang tulog ng manggagawa,
kaunti o marami man ang kanyang kinain.
Ngunit di nakakatulog ang mayamang busog.
12 May natuklasan akong malaking kasama-
an sa ilalim ng araw: ang kayamanang inimpok
ng mayaman para sa kanyang sariling kapaha-
makan. 13 Mawawala ang kanyang kayamanan
minsang magkamali sa negosyo; wala siyang
maiiwang anuman sa kanyang magiging anak.
14 Hubad siyang nanggaling sa sinapupunan
ng kanyang ina, hubad din siyang babalik. Wala
siyang madadalang anuman sa mga naging
bunga ng kanyang pagpapagal.
15 Isa rin itong grabeng kasamaan. Kung pa-
anong dumating siya, aalis siyang gayon. Kayat
ano ang napala nito sa ginawa niyang pagha-
habol sa hangin? 16 Bakit kumain siya sa dilim sa
buong buhay niya na may malaking kalungku-
tan, paghihirap at pagkabagabag?
17 Ito ang nakita kong mas angkop para sa
tao: ang kumain, uminom at magpakaligaya sa
lahat ng trabahong ginawa niya sa ilalim ng araw
sa panahong bigay sa kanya ng Diyos; ito ang
kanyang gantimpala. 18 Isang regalo mula sa
Diyos kung binibigyan siya ng pagkain at ka-
luwagan ng pagsasaya sa kanyang gawain.
19 Hindi man lamang niya pinag-isipan kung
gaano pa siya katagal mabubuhay habang pi-
nupuspos siya ng ligaya ng Diyos.

6 1 May nakita pa akong isang napakasama
sa ilalim ng araw: ang taong nagtataglay ng
malaking kayamanan, ari-arian, karangalan at
lahat ng maaari pa niyang hangarin; 2 ngunit di
ipinahintulot ng Diyos na pakinabangan niya
ang mga iyon; sa halip iba ang nakinabang.
Napakasakit niyon at napakawalang-katuturan.
3 Ano kayat may sandaang anak ang tao at
nabuhay siya nang maraming taon ngunit di
natikman ang kaligayahan at wala ni sariling
libingan! Sasabihin kong mas masuwerte pa ang
ipinanganak na wala sa panahon. 4 Dumating
siyang walang kabuluhan at pauwi sa kadiliman,
at sa kadiliman matatago ang kanyang panga-
lan. 5 Hindi siya nakakita ng araw, ni nakabatid
kung ano ang liwanag. Ngunit mas nakapag-
pahinga siya kaysa sa taong iyon. 6 Kung na-
buhay man siya nang dalawang libong taon
ngunit di nakatikim ng ligaya, di ba't kapwa rin
sila patungo sa iisang lugar?
7 Nagtatrabaho ang tao para may makain,
ngunit wala siyang kabusugan.
8 Mas mayroon ba ang matalino kaysa ha-
ngal? Ano'ng kabutihan ng kaalaman sa duk-
hang ang hinaharap ay mga pangangailangan?
9 Wari bang mas mabuti ang nakikita ng mata
kaysa hinahangad ng puso. Iyan ma'y walang
katuturan at paghahabol sa hangin.
10 Hinalagahan na ang lahat at alam ang ka-
kayahan ng tao; hindi siya maaaring makipag-
talo sa mas malakas.
11 Kayraming salita, kaylaking kawalang-
saysay; ano ang mapapala riyan? 12 Sino ang
nakaaalam kung ano ang mabuti para sa tao sa
mga araw ng kanyang walang kuwentang buhay
na parang aninong lumilipas? Sino ang maka-
pagsasabi sa kanya kung ano pa ang mangya-
yari sa ilalim ng araw kapag wala na siya?

7 1 Mas mabuti pa ang pangalang may da-
ngal kaysa mabangong langis. Kayat ma-
buti pa ang araw ng kamatayan kaysa araw ng
kapanganakan.
2 Mabuti pa ang pumunta sa bahay ng nag-
luluksa kaysa sa bahay ng nagpipista sapag-
kat iyon ang wakas ng lahat at laging nagpa-
paalaala ito sa mga buhay. 3 Mas mabuti ang

lungkot kaysa tuwa, dahil sa lunas ng kaluluwa
ang malungkot na mukha. 4 Nasa bahay na may
luksa ang puso ng marunong at nasa bahay na
may pista naman ang puso ng mangmang.

5 Mas mabuting makinig sa bulyaw ng ma-
runong kaysa awit ng hangal. 6 Parang lagutok
ng mga tinik sa apoy habang nagluluto ang
halakhak ng hangal.

7 Nagiging hangal ang marunong dahil sa
paniniil; at binubulok ng suhol ang kanyang
puso.

8 Mas mabuti ang makatapos kaysa magsi-
mula; ang tiyaga kaysa pagkainip ng mapag-
mataas.

9 Huwag sumamâ agad ang iyong loob pag-
kat nasa sinapupunan ng hangal ang samaan ng
loob.

10 Huwag kang magtanong kung bakit mas
mabuti ang mga nagdaang panahon kaysa ka-
salukuyan. Hindi dikta ng karunungan ang gan-
yang tanong.

11 Singhalaga ng pamana ang karunungan.
Grasya ito sa mga sinisikatan ng araw. 12 Kung
proteksyon ang pera, gayundin ang karunu-
ngan. Ngunit ito ang kabutihan ng karunungan:
binubuhay niya ang marunong.

13 Tingnan ang gawa ng Diyos. Sino'ng ma-
kapagtutuwid sa niliko niya? 14 Maging maligaya
sa araw ng kasaganaan at magdilidili sa araw ng
kalungkutan. 15 Parehong kaloob ng Diyos ang
dalawang ito at di alam ng tao ang magaganap
sa huli.

16 Huwag maging napakatuwid o napaka-
talino, at baka makasira iyan sa iyong sarili.
17 Huwag maging napakasama o napakahangal,
baka mamatay kang di mo pa panahon.

18 Mas mabuting hawakan ang isa at huwag
bitiwan ang iba. Inaangkupan kapwa ng taong
may takot sa Diyos ang mga ito.

19 Pinalalakas ng karunungan ang marunong.
Malakas pa ito sa sampung tagapamahala ng
lunsod. 20 Walang matuwid na tao sa mundo na
laging kabutihan ang ginagawa at di nagkaka-
sala.

21 Huwag pakadibdibin ang lahat ng naririnig
mo; baka marining mo ang iyong aliping nag-
sasalita ng masama tungkol sa iyo. 22 Batid
mong maraming beses ka ring nagsalita ng di
mabuti sa kapwa mo!

23 Matapos suriing mabuti ang lahat ng ito'y
sinabi ko: "Magiging marunong ako!" 24 Ngunit
mas malayo ang karunungan kaysa alinman, at
napakalalim nito! Sino ang makatutuklas nito?

25 Pinagsikapan kong alamin, pag-aralan at
hanapin ang karunungan at katwiran, kayat
nakita kong kahangalan ang kasamaan at ka-
lokohan ang katangahan.

• 26 Natagpuan kong mas mapait ang babae
kaysa kamatayan. Isang patibong ang babae;
bitag ang kanyang puso; at mga kadena ang
kanyang mga kamay. Maliligtas sa babae ang
kinalulugdan ng Diyos ngunit madadakip ang
makasalanan.

27 Tingnan ang natuklasan ko – sabi ng Guro
– pagkatapos suriing isa-isa ang mga iyon, para
maunawaan ko, 28 naghahanap ako ngunit wala
pang natutuklasan; may natatagpuan akong
isang lalaki sa sanlibo pero walang babae sa
kanilang lahat.

29 Tingnan ang natuklasan ko: ginawang ma-
tuwid ng Diyos ang tao, ngunit nawala sila sa
kanilang mga akala.

**8** 1 Sino ang katulad ng marunong? Sino pa
ang makalulutas sa problema? Ang ka-
runungan ng tao ang nagpapasaya sa kan-
yang mukha – pinaaamo ang mabalasik nitong
anyo.

2 Sundin ang utos ng hari alang-alang sa
sumpang ipinangako sa harap ng Diyos, at
3 huwag ninyong bale-walain ito. Huwag kang
kaagad na lumayo sa kanya; huwag kang mag-
patuloy sa masamang usapin pagkat gagawin
ng hari ang anumang gusto niya. 4 Nasusunod
ang salita ng hari. Sino ang makapagtatanong
sa kanya: "Ano ba ang ginagawa mo?"

5 Umiiwas sa gulo ang sumusunod sa kan-
yang utos. Alam ng marunong ang panahon at
ang paghatol – 6 ang panahon ng pagkilos at ang
halaga ng lahat.

Kabiguang mabigat ito para sa tao: 7 wala
siyang alam sa posibleng mangyayari. Sino ang
makapagsasabi sa kanya ng maaaring mang-
yari? 8 Walang kapangyarihan ang tao sa hini-
nga nito; hindi niya mapipigilan ito sa araw ng
kamatayan. Walang saysay ang pagsisikap; ni
makapagliligtas ang kasamaan sa mga gawa
niyon. 9 Ito ang nakita ko; pinag-iisipan ko nga
ang lahat na nangyayari sa ilalim ng araw ha-
bang pinagkalooban ang tao ng kapangyari-
hang makapaminsala ng kapwa.

---

• **7.26** 7:26-29: Hindi puwedeng hindi tayo magulat dito. Alalahanin nating ang Biblia ay parehong salita ng Diyos at salita ng tao, salita ng isang partikular na panahon at kultura. Halos lahat ng teksto ng Biblia ay galing sa karanasan ng mga tao, sa daigdig na halos hindi kinikilala ang "babae."

• [10]Kaya nga nasaksihan ko ang libing ng
makasalanan at ang paghugos ng mga tao sa
banal na lugar para parangalan siya; nalimutan
nila ang kanyang ginawa. Wala ring kabuluhan
ito.
[11]Wala agad nangyayari nang gawin ang
masama, kayat malakas ang loob ng mga ta-
ong gumawa ng masama. [12]Makasandaang be-
ses mang gumawa ng mali ang makasalanan
ngunit buhay pa rin ito.
(Alam na alam kong magtatagumpay ang
taong matatakutin sa Diyos dahil sa may takot
siya sa Diyos. [13]Ngunit walang kaligayahan
para sa makasalanan; at dahil sa wala siyang
takot sa Diyos, lilipas din siyang parang anino at
di magtatagal ang kanyang buhay...)
[14]May isa pang kawalang-katuturang nang-
yayari sa lupa: may taong banal na tinatrato na
parang makasalanan, at may makasalanan na-
man na pinahahalagahan na parang taong ba-
nal. Wala rin itong saysay.
[15]Kayat pinuri ko ang kasayahan; walang
liligaya pa para sa tao maliban sa pagkain, pag-
inom at pagpapasarap sa kanyang gawain sa
buong buhay niya na ipinagkaloob sa kanya ng
Diyos sa ilalim ng araw. [16]Sinikap kong magka-
roon ng karunungan, inisip-isip ko ang kalaga-
yan ng tao sa lupa, sa araw o sa gabing natutulog
at walang malay. [17]At nakita kong walang tao na
nakatuklas sa kabuuan ng gawa ng Diyos – kung
anumang mga gawain niya sa ilalim ng araw.
Kahit pa magtrabaho nang todo sa paghahanap
ang tao, di pa rin niya matutuklasan. At kahit na
sabihin pa ng marunong na maalam siya, di pa
rin niya iyon natutuklasan.

**9** [1]Pinag-isipan kong lahat ito at ngayon
ko nauunawaang nasa Diyos ang matuwid
at ang marunong, at lahat ng ginagawa nila.
Hindi alam ng tao kung poot o pag-ibig ang
nakalaan sa kanya. [2]At ito ang pinakawalang-
saysay: iisa ang kapalarang dumarating sa lahat
– sa banal at sa makasalanan, sa malinis at sa
marumi, sa nag-aalay ng handog at sa hindi.
Pare-pareho para sa banal at sa makasalanan,
para sa namamanata at sa nagpipigil na mama-
manata.
[3]Iisa ang kapalarang sumasapit sa lahat: ito
ang kasamaang sumisira sa lahat ng nangyayari
sa ilalim ng araw. Iyan ang dahilan kung bakit
puno ng kasamaan at kahangalan ang puso ng
tao habang nabubuhay siya, kayat pinupunta-
han niya ang mga patay. [4]May pag-asa habang
kasama siya ng mga buhay; maigi pa ang asong
buhay kaysa leong patay. [5]Alam pa naman ng
nabubuhay na mamamatay sila; ngunit walang
alam ang patay, wala silang natatanggap na
gantimpala, maging ang alaala nila'y naglaho.
[6]Nalipol na ang kanilang pag-ibig, pagkamuhi
at pagkainggit, at wala na silang bahagi sa lahat
ng nagaganap sa ilalim ng araw.
[7]Humayo ka; kumain ka at uminom na may
galak: ito ang pagpapahalaga ng Diyos sa iyong
gawa. [8]Magdamit ng puti at pabanguhan ang
ulo.
[9]Tamasahin mo ang buhay kasama ng mina-
mahal mong asawa sa lahat ng araw sa walang-
katuturang buhay na ipinagkaloob sa iyo ng
Diyos, sapagkat iyan ang laan sa iyo sa buhay at
sa gawaing tinutupad mo sa ilalim ng araw.
[10]Tapusin mo na ang iyong mga gawain
hanggat kaya mo, dahil sa piling ng mga patay
na patutunguhan mo'y walang gawain, walang
pagbabalak, walang kaalaman at walang karu-
nungan.
[11]May nakita pa ako sa ilalim ng araw: hindi
ang mabilis ang nananalo sa takbuhan o ang
malakas sa labanan; hindi sa marunong nauuwi
ang pagkain ni sa matalino ang kayamanan o sa
nag-aral ang pagtanggap, sapagkat may su-
werte at malas na umaabot sa lahat.
[12]Ngunit walang malay ang tao sa kanyang
panahon; kung paanong nahuhuli sa lambat ang
mga isda at sa silo ang mga ibon, nabubulid din
ang mga tao sa kamalasang bigla na lamang
dumarating sa kanila.

**Mga kasabihan pa**

[13]May pinag-isipan pa akong mabuti sa ila-
lim ng araw. [14]May isang maliit na bayang
kaunti lamang ang nakatira. Ipinasya ng haring
salakayin iyon at ipinakubkob, at itayo ang
malaking kasangkapang pangkubkob laban
doon. [15]Ngunit natagpuan ang isang taong

---

• 8.10 8:10-12: tinutukoy nito ang malaking kahinaan ng lahat ng pangangaral ng kagandahang-asal sa mundong hindi napakarami ng mga santo: ang takot sa pulis lamang ang mabisa. Ngunit kung ayaw ng Diyos na gampanan ang papel ng pulis, sinong magiging tapat (tingnan ang Is 26:9-11)? Sa panahon ng Matandang Tipan, sinang-ayunan ng Diyos na ihayag siya sa gayong paraan, pati ang mga awtoridad-panrelihiyon na nagpaparusa sa ngalan niya. Sasabihin ni Eclesiastes: "May panahon para sa lahat." Sa panahong Kristiyano, hinangad ng mga Iglesya na ipagpatuloy ang gayong gawi, na nagbunga ng *Inquisition* at mga giyerang panrelihiyon. Halos nakalipas na ito para sa atin ngunit sa ating naguguluhang mundo, may ilang sumasang-ayon sa mga relihiyong ang buong pamayanan ang namamahala sa pagpaparusa at pagliligpit sa mga lumalabag sa mga batas ng relihiyon at moralidad.

dukha pero marunong, at iniligtas ng kanyang
karunungan ang bayan. Ngunit hindi na na-
alaala pa ang dukhang iyon. 16 Kaya sinasabi ko:
"Mas mabuti ang karunungan kaysa lakas",
ngunit hinahamak ang karunungan ng dukha at
di pinaniniwalaan ang kanyang mga salita.
17 Nangingibabaw ang mga salita ng maru-
nong na mahinahong binigkas sa sigaw ng isang
namumuno sa mga hangal.
18 Mas mabagsik ang karunungan kaysa mga
armas; malaking kaligayahan ang winawasak
ng makasalanan.

**10** 1 Gaya nang pagpapabaho ng mga patay
na langaw sa isang tapayan ng maba-
ngong langis, gayundin nagiging mas mabigat
ang katiting na kahangalan kaysa karunungan
at karangalan.
2 Ang puso ng marunong ang nag-aakay sa
kanya tungo sa katwiran; ang puso ng hangal ang
nag-aakay naman sa kanya tungo sa kamalian.
3 Ipinakikita kahit na sa kalsada ang kaha-
ngalan ng hangal dahil sa kanyang walang di-
reksyong paglakad.
4 Huwag magdamdam kapag nagalit sa iyo
ang pinuno, mga grabeng pagkakamali ang
naiiwasan ng hinahon.
5 Isa pang kasamaang natuklasan ko sa ilalim
ng araw: ang pagkakamali ng mga pinuno.
6 Itinatampok nga ang hangal at ibinababa ang
marurunong. 7 Nakakita ako ng mga aliping
sakay sa kabayo habang naglalakad na parang
alipin ang mga prinsipe.
8 Puwedeng mahulog sa patibong ang hu-
muhukay doon at puwedeng matuklaw ng ahas
ang bumubutas ng pader.
9 Puwedeng mabagsakan ng mga bato ang
naghuhukay noon at puwedeng masugatan ang
nagsisibak ng troso.
10 Kailangang malakas ang bagsak ng pa-
lakol kung mapurol ito at di naihahasa; dunong
ang tawag sa bentaha ng paghahasa. 11 Kapag
tumangging magayuma ang ahas at nanuklaw
ito, ano ang silbi ng manggagayuma?
12 Mapagmahal ang mga salitang lumalabas
sa mga bibig ng marunong, ngunit ang mga
bibig ng hangal ang nakasisira sa kanya. 13 Nag-
sisimula sa kahangalan ang kanyang talumpati
at nagwawakas na puno ng kalokohan. 14 Ba-
yaan siyang magsalita!
(Hindi alam ng tao kung ano ang posibleng
mangyayari, at sino'ng magsasabi sa kanya
kung ano ang sasapitin niya?)
15 Kinaiinipan ng hangal ang anumang gawa;
ni di niya alam ang kalsada papuntang kaba-
yanan.
16 Sayang ka, O lupa! kung binata ang iyong
tagapamahala at mga prinsipeng nagpipista sa
umaga. 17 Masuwerte ka, O lupa kapag may hari
kang dakila at ang mga prinsipe ay nagsisikain
sa tamang oras, gaya ng marapat sa mga man-
dirigma, sa halip na maglasing.
18 Lumulundo ang kisame dahil sa katamaran
ng mga bisig, at tumutulo ang bubong dahil sa
kapabayaan ng mga kamay.
19 Naghahanda ng pagkain para mabusog at
ibinibigay ng alak ang sigla ng buhay, samanta-
lang pera ang sagot sa lahat ng bagay.
20 Huwag mong sumpain ang hari kahit na sa
isip lamang, at huwag mong isumpa ang ma-
yaman sa pagkakahiga mo sa iyong kuwarto,
sapagkat ikukuwento ng mga ibon sa himpa-
pawid ang sinasabi mo at ipapahayag ng mga
tagapagbalitang lumilipad.

**11** 1 Ihagis sa tubig ang iyong tinapay at
paglipas ng takdang panahon muli mo
itong matatagpuan. 2 Ibahagi sa pito o kahit pa
sa walo ang ari-arian mo sapagkat di mo batid
kung anong kamalasan ang sasapit sa lupa.
3 Kapag makapal ang mga ulap, noon umu-
ulan sa lupa, at kapag paharap sa timog o hilaga
ang tumba ng punungkahoy, doon siya hihiga.
4 Hindi maghahasik ang nakatingin lamang
sa hangin at hindi mag-aani ang nakatingin
lamang sa mga ulap.
5 Gaya ng di mo pagkaalam kung paanong
pumapasok ang hininga sa mga katawang nasa
sinapupunan ng ina, hindi mo rin mauunawaan
ang gawa ng Diyos na lumikha sa lahat ng bagay.
6 Magpunla ka sa umaga at huwag patigilin
ang iyong kamay sa hapon sapagkat di mo alam
kung alin sa dalawang ito ang mas magaling.
Paano kung lumabas na parehong magaling ang
dalawa?

### Kayat patungo ang tao sa kanyang tahanang walang-hanggan

• 7 Kawili-wili ang liwanag, at mabuti
para sa mata ang makakakita sa araw.

---

Halos tiyak na idinagdag na lamang pagkatapos ang mga salitang inilagay natin sa loob ng panaklong sa berso 12, sapagkat ang mga mananampalataya ng panahong iyon ay masisindak sa gayong pag-aalinlangan sa gantimpala at parusa ng Diyos.

• **11**.7 *Kawili-wili ang liwanag*. Dito nagsisimula ang mga kahanga-hangang salita na pumupuri sa buhay. Hindi alam ni Eclesiastes kung paano ipangangatwiran ang pagkilos ng Diyos pero nadiskubre niya ang Diyos sa kaayusan ng sanlibutan.

8 Maraming taon man mabuhay ang tao,
kamtin nawa niya ang lahat ng kaligaya-
han sa mga iyon, iniisip niya na magiging
marami ang madidilim na araw at walang
kahulugan ang lahat na darating pa.
9 Magsaya ka, binata, sa iyong kaba-
taan, at nawa'y bigyan ka ng ligaya ng
iyong puso habang bata ka pa; sundin ang
gusto mo at tuparin ang iyong mga pa-
ngarap ngunit alalahaning hahatulan ng
Diyos ang lahat ng ginagawa mo.
10 Itaboy ang lungkot na galing sa puso
mo at ang kirot na galing sa laman mo,
sapagkat di magtatagal ang kabataan at
ang itim na buhok.

**12** 1 Alalahanin ang Lumikha sa iyo
habang bata ka pa, bago duma-
ting ang panahon ng kalungkutan kung
kailan sasabihin mong: "Wala itong kasi-
yahang naidulot sa akin,"
2 at bago mawalan ng liwanag ang
araw, buwan at mga bituin, bago mag-
tipong muli ang mga ulap pagkaulan.
3 Sa araw ng panginginig ng mga
tagapag-ingat ng bahay, kapag yumuko
ang mga mandirigma at huminto sa pag-
gawa ang mga nasa gilingan dahil sa iilan
na lamang sila, kapag naging takipsilim
para sa mga nakasungaw sa bintana 4 at
sarado ang mga pinto at humina ang
ingay ng gilingan, huminto sa paghuni
ang langay-langayan at napipi ang awit
ng ibon, 5 kapag nakakatakot ang mga
dalisdis at ang paglakad doon, sa kabila
ng pamumulaklak ng mga punong almen-
dro at pagtaba ng mga kuliglig at pamu-
munga ng mga alkapara na wala namang
saysay,
sapagkat patungo na ang tao sa kan-
yang walang-hanggang tahanan at natiti-
pon sa kalye ang mga tagapagluksa,
6 bago mapatid ang pilak na kadena at
mabasag ang gintong lampara,
bago mawasak ang timba sa balon o
ang gulong sa gilingan,
7 bago bumalik ang alikabok sa pinag-
mulang lupa at ang hininga naman sa
Diyos na nagkaloob niyon.
8 Walang kuwenta, walang kuwenta!
Nagsasalita ang Guro: walang kuwenta
ang lahat!

9 Bukod sa pagiging marunong, nagturo rin
ng karunungan si Cohelet sa bayan; nakinig
siya, nag-aral at nagsaayos ng maraming ka-
sabihan.
10 Nagsikap ang Guro na sumulat sa kawili-
wiling estilo at matapat sa pagpapahayag ng
mga salita ng katotohanan.
11 Tari ang mga salita ng marunong, para
bang nakabaong mga pako ang natipon nilang
kasabihang iniregalo ng iisang Pastol.
12 Anak ko, huwag kang lumampas. Walang
wakas ang pagsulat ng maraming aklat at na-
kakapagod naman ang puspusang pag-aaral.
13 Konklusyon ng bawat nasabi na: Matakot
sa Diyos at sundin ang kanyang mga utos,
sapagkat dito lamang nananangan ang tao.
14 Hinahatulan ng Diyos ang lahat ng gawa, lahat
ng nakatago, maging mabuti man ito o ma-
sama.

---

Walang alinlangang isa itong kaayusang dapat isaalang-alang, pero sinasabi niyang ang kagandahan ng kalikasan ay nag-aanyaya sa tao na maging malikhain at bigyang-kasiyahan ang kanyang mga pagnanasa. Maaaring ikagulat natin ang pinapamumutawi sa mga labi ni Eclesiastes ng maraming tagapangaral: "Isaisip ang kamatayan at takasan ang kaligayahan ng mundo!" Ang narito'y pasasalamat at panawagan sa kalayaan.

*Alalahanin ang inyong Maykapal habang kayo'y bata pa.* Ang panahon ng pagdulog sa Diyos ay hindi kung lipas na ang ating lakas at mga kasiyahan: "wala nang mangingibig ang magandang babae, pumasok na siya sa kumbento." Pero bakit natin aalalahanin ang ating Maykapal? Sapagkat ang pag-alalang ito, na unti-unting nagiging isang presensya para sa atin, ay isa sa mga kinakailangan para tayo lumigaya. Hindi naaapektuhan ng kapaitan ng katandaan ang mga pumili sa Diyos sa mga araw ng kanilang kabataan. Madarasal nila hanggang wakas ang mga salita ng Salmo 42: *Aakyat ako sa Diyos, ang kagalakan ng aking kabataan.*